Magpaskil sa isang kapansin-pansing lugar sa anumang lugar o site ng trabaho.
Ang mga lumalabag ay sasailalim sa mga parusa.

## OPISYAL NA ABISO

# Minimum na Sahod sa Los Angeles

Epektibo ang Rate sa Hulyo 1, 2024

# $17.28 KADA ORAS

Ang lahat ng Tagapag-empleyo ay kinakailangang magbayad sa mga Empleyado ng bagong minimum na sahod ayon sa Ordinansa sa Minimum na Sahod sa Los Angeles (Minimum Wage Ordinance). Ang rate ng minimum na sahod ay iaakma bawat taon ayon sa Seksyon 187.02 ng Ordinansa sa Minimum na Sahod sa Los Angeles.

| Petsa ng Pagiging Epektibo: | Lahat ng Tagapag-empleyo: |
|---|---|
| 7/1/2021 | $15.00 |
| 7/1/2022 | $16.04 |
| 7/1/2023 | $16.78 |
| **7/1/2024** | **$17.28** |

**Ang mga tagapag-empleyo sa Los Angeles ay napapailalim sa lahat ng batas at mga pamantayan sa pagtatrabaho patungkol sa minimum na sahod ng lokal, Estado at pederal.**

Ang Opisina ng Ordinansa ng Mga Pamantayan sa Sahod ng Los Angeles ay nagbibigay ng awtoridad sa Kawanihan ng Pangangasiwa ng mga Kontrata, Opisina ng mga Pamantayan sa Sahod (Bureau of Contract Administration, Office of Wage Standards) upang imbestigahan ang mga posibleng paglabag, siyasatin ang mga lugar ng trabaho, makipanayam sa mga empleyado, at suriin ang mga talaan. Lpapatupad ng Opisina ng Mga Pamantayan sa Sahod ang Ordinansa sa Minimum na Sahod ng Lungsod para sa mga paglabag kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: 1) hindi pagbabayad ng minimum na sahod ng Los Angeles; 2) kabiguang sumunod sa mga kinakailangan sa abiso, pag-post, at mga talaan ng suweldo; at 3) paghihiganti. Pinoprotektahan ng Seksyon 188.04 ng Los Angeles Municipal Code (LAMC) ang mga Empleyado mula sa anumang diskriminasyon o paghihiganti para sa paggamit ng kanilang mga karapatang tumanggap ng minimum na sahod ng Lungsod.

# May Bayad na Pagliban Dahil sa Pagkakasakit (Paid Sick Leave) sa Los Angeles

Epektibo noong Hulyo 1, 2017

Ang lahat ng Tagapag-empleyo ay kailangang magkaloob ng may bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit (paid sick leave) ayon sa Ordinansa sa Minimum na Sahod sa Los Angeles. Ang bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit ay ipagkakaloob sa lahat ng Empleyado na nagtatrabaho nang hindi bababa sa dalawang oras sa isang partikular na linggo sa Lungsod ng Los Angeles para sa parehong Tagapag-empleyo sa loob ng 30 araw o higit pa sa loob ng isang taon.

| **Pagiging Karapat-dapat** | |
|---|---|
| Front-Loading | Hindi bababa sa 48 oras na ibinigay sa simula ng bawat taon man ng trabaho, taon ng kalendaryo, o 12-buwang panahon; O - |
| Accrual | Isang (1) oras na may bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit (paid sick leave) para sa bawat tatlumpung (30) oras na nagtrabaho. |
| 72 Oras na Limitasyon | Ang naipon na hindi nagamit na may bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit (paid sick leave) ay maidadagdag sa susunod na taon ng pagtatrabaho at maaaring limitahan sa hindi bababa sa 72 oras; gayunpaman, maaaring piliin ng isang Tagapag-empleyo na walang limitasyon o mas mataas ang limitasyon. |
| Pag-alis sa Trabaho | Ang isang Tagapag-empleyo ay hindi kinakailangang magbigay ng kabayaran sa isang Empleyado para sa mga naipon o hindi nagamit na mga araw ng pagkakasakit sa paghinto nito sa pagkaka-empleyo. |
| Pagpapanumbalik | Kung ang isang Empleyado ay muling natanggap sa loob ng isang taon pagkatapos mahinto sa pagkaka-empleyo, ang dating naipon at hindi nagamit na may bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit ay ibabalik. |

| **Paggamit** | |
|---|---|
| Kailan | Ang isang Empleyado ay maaaring gumamit ng may bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit simula sa ika-90 araw ng pagtatrabaho. |
| Paano | Ang isang Tagapag-empleyo ay dapat magbigay ng may bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit kapag humiling ang Empleyado para sa kanyang sarili, kapamilya, o sinumang indibidwal na kadugo o may kaugnayan sa kanya sa paraang berbal o nakasulat. Ang kwalipikadong paggamit ng oras ay makikita sa Sekson 187.04(G) ng LAMC. |
| | Ang paggamit ng may bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit ay maaaring limitado sa 48 oras na pagliban (leave) taun-taon. |

Pinoprotektahan ng Seksyon 187.06 ng Los Angeles Municipal Code (LAMC) ang mga Empleyado mula sa anumang diskriminasyon o paghihiganti para sa paggamit ng kanilang mga karapatang tumanggap ng may bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit ng Lungsod.

**Para sa higit na impormasyon, makipag-ugnayan sa Office of Wage Standards sa 1-844-WAGESLA (924-3752) o mag-email sa wagesla@lacity.org o bisitahin ang http://wagesla.lacity.gov/.**

Bilang isang nasasaklaw na entidad sa ilalim ng Titulo II ng Batas kaugnay ng mga Amerikanong may Kapansanan (Americans with Disabilities Act), ang Lungsod ng Los Angeles ay hindi nandidiskrimina batay sa kapansanan at, kapag hiniling, ay magbibigay ng makatuwirang kaluwagan para matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at aktibidad nito.